Australian Government

Department of Infrastructure, Transport, Regional Development, Communications and the Arts

# Pag-deploy ng Telekomunikasyon

## Ano ang dapat kong malaman?



Ang balangkas ng mga kapangyarihan at imunidad ay nagbibigay-daan upang ang mga carrier ay:

- makapasok at magsuri ng lupa
- mag-install ng mga pasilidad na low-impact
- magmentena ng mga pasilidad.

Ang mga carrier ay mayroon ding mga imunidad sa ilang mga batas ng estado at teritoryo, tulad ng sa mga batas sa pagpaplano.

Ang balangkas na ito ay hindi nailalapat sa pag-tatayo ng mga tore.

# Mga Obligasyon ng Carrier

- Ang mga carrier ay dapat magbigay ng nakasulat na abiso nang hindi bababa sa 10 araw bago ang pag-install.
- Maaaring tutulan ng mga may-ari ng lupa ang abiso batay sa ilang mga itinakdang kadahilanan.
- Ang mga carrier ay dapat gumawa ng makatwirang pagsisikap upang malutas ang mga pagtutol.
- Maaaring hilingin ng mga may-ari ng lupa na isangguni ang pagtutol sa Telecommunications Industry Ombudsman.
- Kung magpapatuloy ang pag-install, dapat sundin ng mga carrier ang mga kinakailangan sa kaligtasan/pagpapatakbo.

# Ginagampanang papel ng mga Konseho

Kung ang Konseho ang may-ari ng lupa at may dahilan para tutulan ang pag-deploy, maaari siyang **tumutol**.

Maaari ring magpakita **ng suporta** ang mga konseho sa mga pag-deploy ng telco sa pamamagitan ng:

- pagsisiguro sa komunidad na ligtas ang mga pagde-deploy ng telco
- pagpapatibay sa mga benepisyong panlipunan at pang-ekonomiya ng pinabuting koneksyon
- aktibong nakikipagtulungan sa mga carrier para makamit ang mga resultang kapwa kapaki-pakinabang (hal. kaaya-aya sa paningin, pinagsama-samang epekto).

INFRA4689

Ang karagdagang impormasyon ay makukuha ng online sa: www.infrastructure.gov.au/powers-and-immunities